

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**CABINET REPORT SA TELERADYO – THE NEW NORMAL
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
January 15, 2021

SEC. ANDANAR: Pilipinas, habang tayo ay nananatili sa ilalim ng pandemya, ang isang inaabangan ay ang pagpapatuloy ng infrastructure projects. At bakit naman hindi? Bukod sa kanilang kaniya-kaniyang dulot na benepisyo, ang bawat daan, tulay at gusali na gagawin ngayon ay magbibigay ng trabaho sa mga mamamayan at tutulong sa pagpapasigla ng ating ekonomiya.

Kaya ngayong gabi at sa susunod na episode ay makakausap natin si Secretary Mark Villar, ang Kalihim ng Department of Public Works and Highways upang malaman kung ano ang mga infrastructure projects natin sa buong bansa ngayong 2021, ano ang mga magiging benepisyo nila sa mamamayan at kung ano ang mga updates hinggil sa mga proyektong ito. Tuloy ang trabaho: mga proyekto ng DPWH ngayong 2021 ay ang ating pag-uusapan ngayong gabi.

Ito po ang inyong Communications Secretary Martin Andanar; welcome to the Cabinet Report.

Welcome back to the Cabinet Report. Bago tayo magsimula ay alamin muna natin kung anu-anong mga malalaking infrastructure project na naka-program na para sa taong 2021. Pakigganan natin ang report na ito:

[VTR]

Sa ating pagbabalik, makakapanayam natin si DPWH Secretary Mark Villar upang pag-usapan ang mga proyektong tinututukan nila ngayong taon na ito. Tuto lang dito sa Cabinet Report.

[COMMERCIAL BREAK]

Welcome back to the Cabinet Report, kasama po natin ngayon si Secretary Mark Villar ng DPWH. Secretary Mark, welcome to the Cabinet Report.

DPWH SEC. VILLAR: Thank you, Sec. Martin, it's a pleasure to be here.

SEC. ANDANAR: We're doing this two-part conversation with you dahil nakatuon ang pansiún ng marami sa infrastructure lalo na ngayong sinisikap nating ibalik ang sigla ng ating ekonomiya na apektado nitong pandemya. Ang isang tinitingnan ng tao ay ang infrastructure dahil sa kakayahan nitong magbibigay ng trabaho. Does infrastructure deliver jobs?

DPWH SEC. VILLAR: We'll also be generating jobs habang kinu-construct itong mga infrastructures. We've already, with the Build Build Build, our estimates 1.6 million construction jobs ang na-generate. So napakalaki ang contribution hindi lang sa ekonomiya pati sa pagbibigay ng trabaho sa ating mga kababayan.

SEC. ANDANAR: Tama po ba iyon, 1.6 million jobs?

DPWH SEC. VILLAR: Well, this is based so far on our initial estimates – 1.6 million. Pero hindi pa kasama iyong... siyempre may multiplier effect din iyong trabaho. Siyempre kapag may project, magkakaroon ng investment, magkakaroon din ng mga ... hindi lang iyong direct hires, siyempre may mga suppliers din iyan. Iyong mga empleyado ng mga suppliers, iyong manufacturers, lahat iyon kahit papaano ay makaka-generate din ng additional work. And in the end, iyong project itself ay makaka-generate din ng opportunities dahil mas mabilis iyong flow ng mga produkto, mas magkakaroon ng development sa ibang areas because magkakaroon ng construction sa ibang areas dahil accessible na iyong lugar.

And ang laki ng multiplier—in fact, kinumpyut namin, napakalaki ng multiplier effect ng infrastructure. Kinu-compute po namin eh ano iyong return on investment kapag gumagawa kami ng infrastructure – at least 10%; pero karamihan po ng mga projects natin, lampas pa sa minimum requirement ng NEDA.

SEC. ANDANAR: Habang hinaharap natin ang hamon ng pandemya, ngayong nakatutok na tayo sa vaccination, sabay din nating binibigyan-pansin ang ekonomiya. Bukod sa pagbibigay ng hanapbhay, papaano po nakakatulong ang infrastructure sa economic progress, Secretary?

DPWH SEC. VILLAR: You know, the economy is about connectivity. Now, if we cannot move products and goods, hindi rin sisigla iyong ekonomiya. Iyon ang naging problema natin na bumabagal na po iyong economic development dahil parang ano tayo eh, may bara eh, hindi makaporma iyong ekonomiya dahil ang dami nating mga blockages.

So iyon ang ginagawa natin ngayon. We're bypassing all these blockages so that in effect the economy will become mas free flowing, mas malaki iyong growth, and this will allow us long-term, for long-term economic growth. Even... ngayon pa lang, actually, even short- and medium-term economic growth dahil habang ginagawa naman iyong projects, ang daming nagkakatrabajo. And then kapag natapos pa iyong project, ang dami rin magkakatrabajo dahil magkakaroon din ng mga ... siyempre kapag may tulay, may kalsada, kapag may highway, mayroon ng development; may magtatayo na ng mga bahay, may magtatayo na ng mga commercial establishments.

So over-all, magiging mas masigla ang ekonomiya natin, mas maraming magkakaroon ng trabaho and of course, we will see that the quality of life will improve drastically.

SEC. ANDANAR: Sa ating pagbabalik, tatalakayin natin ang hamon naman ng decongestion ng EDSA. Keep it here on the Cabinet Report.

[COMMERCIAL BREAK]

SEC. ANDANAR: Nandito pa rin po kayo sa The Cabinet Report at kausap pa rin po natin si DPWH Secretary Mark Villar.

Let's talk about Metro Manila now, Sec., where the mission order is to decongest, decongest, decongest. Decongest EDSA that is. Simulan po natin sa big picture: Ano po ang gusto ninyong gawin upang ma-decongest ang EDSA?

DPWH SEC. VILLAR: Opo. Noong pumasok po tayo kasi, nakita namin na napakalaki ng losses natin, economic losses dahil sa trapik sa Metro Manila. So isa po ito sa mga problema na tinarget ni President Duterte na tapusin sa administrasyon niya. So gumawa kami ng isang EDSA decongestion masterplan umpisa pa lang, sa umpisa pa lang ng administrasyon ay gumawa na kami ng masterplan. At ngayon, years later, makikita na natin iyong resulta ng plano. Dahil ito pong EDSA kapag na-decongest siya, lalaki po iyong opportunities ng ating mga kababayan para magkatrabaho, at economically mas sisigla ang ating bansa. Kapag sumigla ang ekonomiya, siyempre mas dadami po ang mga opportunities at siyempre giginhawa rin ang buhay ng ating mga kababayan.

Basically, the capacity of EDSA is about 280,000 cars a day. Currently, there are 400,000 cars a day traversing EDSA. So napaka-congested at overcapacity na po ang EDSA. So the challenge was to relieve EDSA of at least 120,000 para maibalik sa regular capacity. So that was the objective. So we created a plan, including more than 20 projects that we would implement in order to pull a lot of the traffic from EDSA and eventually, decongest.

SEC. ANDANAR: So the plan is, in your words, to relieve EDSA of at least 120,000 vehicles, to encourage them to alternate routes. And to do that, you are building new options for motorists.

DPWH SEC. VILLAR: Yes, in fact, to date, we've already completed some of the projects for the EDSA decongestion. Included in the projects that we've accomplished are the Laguna Lake Highway which is from Bicutan to Taytay; and we've finished the Harbor Link which basically allows trucks from the port to go to directly to NLEX without having to go through the Metro Manila streets. So iyon natapos na po.

SEC. ANDANAR: Pag-usapan naman po natin itong latest ninyong accomplishment – ang Metro Manila Skyway Stage 3 Project. Ano po ang mas specific objective ninyo dito?

DPWH SEC. VILLAR: If you remember before, noong nagsimula po ang administrasyon, hanggang Buendia lang iyong Skyway – iyon ang huling exit – and it encountered many problems. Noong pumasok kami, hindi pa malinaw iyong final alignment. What was approved was not a feasible alignment. So it took a lot of work and coordination with other agencies, of course, with the support of our concessionaire – San Miguel. We all worked together to come up with an alignment that would be implementable and that we could finish within the term of the President.

Iyong na-open recently, this recently, itong Skyway Stage 3, is significant because it will divert all the through and through traffic. Kasi mayroong mga commuters or may mga vehicles na hindi naman na ... na ang destination nila is NLEX, so hindi naman nila kailangan dumaan pa sa Metro Manila dahil through and through sila. So at least, itong Skyway, ika-capture niya iyong mga through and through traffic, at the same time mayroon ding mga exits. So ang laki po ng mababawas sa congestion sa EDSA.

SEC. ANDANAR: Ngayong bukas na siya, ano po ang maaasahan ng ating mga motorista?

DPWH SEC. MARK VILLAR: Now, we see this—one of the projects has been delivered and it's one of the major components of the decongestion program dahil ito pa lang, sa Skyway pa lang—well, originally, ang target namin is 55,000. Pero based sa mga initial estimates, ngayon pa lang 60 to 70,000 na ang dumadaan sa Skyway which we expect to increase once it's fully operational.

In effect, parang naging bypass itong Skyway Stage 3. Kasi iyong mga dati, isa lang ang opsyon natin, EDSA, kaya sobrang congested. Kung pupunta ka sa NLEX, wala ka namang ibang dadaanan kung hindi EDSA. So it really created a situation where the traffic was intolerable.

And this was the solutions, we have to create a bypass, and the bypass had to be seamless. When I say seamless, dapat ang bagsak niya directly sa NLEX; and naka-connect din siya sa SLEX directly. Under the original plan, hindi nga siya connected sa NLEX eh, babagsak pa siya sa EDSA so magkaka-traffic ulit.

So, ang ginawa po namin is binago po namin iyong plano and now, makikita natin na seamless na iyong connectivity. And eventually bahagi po ito ng master plan ni Presidente na i-connect iyong north and south of Luzon. So, hindi lang Metro Manila, kasama po ito sa Luzon Spine Expressway Network, which eventually ang goal ng Luzon Spine is to connect the southernmost, which is Bicol to Ilocos.

Iyong SLEX, para makapunta ka sa NLEX, kailangan itawid mo ng EDSA. Aabot ka siguro, kapag ma-trapik, puwede kang umabot ng dalawang oras sa biyahe, but with this we create seamless connectivity. And ito hindi lang para sa Metro Manila, it's important to realize that ito, in terms of its masterplan ang magbi-benefit iyong buong Luzon and ang kagandahan po nito, ng plano ni Presidente is kakalat po iyong development. Kasi sa ngayon, sobrang congested na sa Metro Manila, lahat kami nagsisisikan sa Metro Manila. With this connectivity, with these bypass roads, luluwag na po, kakalat iyong development, luluwag iyong trapik at magkakaroon ng mas maraming oportunidad ang ating mga kababaylan na makahanap ng trabaho, hindi lang po dito sa Metro Manila, but also in outline areas. So, dadami po ang investment sa other areas, outside of Metro Manila.

Ako, buong buhay ko alam ko na, nararamdaman ko iyong EDSA traffic at always alam naman natin ito, parang hindi natin naisip na mag-i-improve ang EDSA traffic. So, you know in terms of your time, makakauwi ka ng maaga sa bahay, in terms of loss experience sa traffic, imagine siguro in a day, you spend three to four hours in traffic. Iyong iba mas mahigit pa. May kinukuwentu sa akin, iyong mga nagko-commute minsan nagigising sila madaling araw, uuwi na sila late ang uwi nila, hatinggabi na. So, it's really with this, I think we drastically improved the everyday lives of many people, millions of people.

Hindi ko naisip na kaya nating gawin iyong na makakapunta ka sa NLEX from Makati in 20 minutes, parang imposibleng mangyari iyong, but now, may reality na. Ako galing po ako sa South, ginamit ko po iyong Skyway, nakarating na ako sa NLEX in 30 to 35 minutes. I have never experienced that in my whole life na kapag galing ako sa south makakarating ako sa

NLEX in less than an hour, ito nga 35 minutes lang nasa NLEX na ako. It's really unbelievable, the effect. And of course, the benefit, from Quezon City kung pupunta ka sa airport, 20 minutes, 25 minutes siguro, it's really amazing the effect of infrastructure on our daily lives. And ito naman iyong goal ni Presidente – to give comfort to the Filipino. And this is what the Build, Build, Build does. It gives comfort, it gives jobs and it gives opportunities to Filipinos.

SEC. ANDANAR: Sa ating pagbabalik talakayin natin ang iba pang proyektong parating para sa decongestion ng EDSA. Tutok lang sa the Cabinet Report.

(COMMERCIAL BREAK)

SEC. ANDANAR: Welcome back to the Cabinet Report. Sec. Mark, ano po ang maaasahan natin sa ating patuloy na pag-decongest ng EDSA?

SEC. VILLAR: Just for this year alone, tatlo ang bridges na tatapusin namin. We are already procuring for an additional five bridges. But just this year alone, we will be finishing three bridges across Pasig, which is, I think unprecedented in the history of this country. Usually, I mean, I don't know, the last bridge that was built was, you know, in one administration baka isa lang eh, in this administration – tatlo. So, kaya napakalaking bagay and this is sabay-sabay io-open. So all of a sudden, you see that by our projection each bridge on minimum, 30,000 cars a day ang dadaan. So, you can imagine, imbes na dumaan pa sa Guadalupe, gagamitin na lang nila itong mga bridges. So, at least kahit papaano, it's another benefit and another added help to the EDSA decongestion program.

Iyong Estrella-Pantaleon, which is from Makati to Mandaluyong at iyong BGC to Pasig Bridge also, those two will be finished on the first half of this year. Iyong pangatlo, iyong Binondo-Intramuros Bridge, which obviously itong Binondo to Intramuros, will be finished second half of this year. Well, of course hindi pa tayo tapos sa EDSA decongestion, this is a big step, pero mayroon pa rin kaming ide-deliver this year na mas makakaluwag pa sa EDSA. So, kapag natapos po iyong mga projects, eh ngayon pa lang ay halos doble na iyong average speed ng EDSA eh, noong natapos iyong skyway, from 16 kilometers per hour, naging 30, that is almost double the speed.

Hindi pa tayo tapos. By the end of the first half of this year, idi-deliver na natin iyong mga dalawang bridges across Pasig River na makakaluwag din sa EDSA. And at the same time, in terms of the Luzon Spine Expressway Network we will have a new segment which we call the Central Luzon Link Expressway connecting Cabanatuan to Tarlac directly, and that is a high-speed expressway also. So iyon idi-deliver din namin this year, and we will continue with the extension of the CALAX; mayroon pa ngang extension ng Skyway which is southbound.

And then aside from that, we have, halos lahat po ng mga major municipalities ay magkakaroon ng bypass. So, iyong Daang Maharlika, which is very congested, pagdating mo sa bayan nagkakatrapik. Halos karamihan po ng mga malalaking municipalities ay magkakaroon din ng mga bypass roads. So, ang dami, ang daming idi-deliver sa 2021 and 2022.

SEC. ANDANAR: Secretary, habang tayo ay nakatutok sa decongestion ng EDSA, nandian pa rin ang banta ng mga natural disasters. Ano po ang ginagawa ng DPWH upang paghandaan ang mga ito, dito sa Metro Manila?

SEC. VILLAR: We call that resiliency in the department and may malaking portion talaga ng budget na naka-allocate sa resiliency projects, meaning reinforcement of existing bridges, flood mitigation measures. We regularly invest in this kind of projects. So more than a quarter of our budget goes to resiliency projects that deal with flood and possibility of earthquake. So the government, kasama po iyan sa Build, Build, Build. And we have a lot of flagship projects also for resiliency.

We will be reinforcing the Guadalupe Bridge that is an old bridge that needs to be seismic rated. So we will reinforcing that, so that it can withstand any seismic event, that hopefully will never occur, but nevertheless we will invest. We have a budget also for the, of course with government buildings that may need retrofitting for seismic rated events and at the same time, pati iyong mga schools namin, itinaas na namin iyong standards at 250 kilometer per hour winds and rating niya. So you know, these are the things that we invest regularly. Of course, aside from that, iyong flood control. We have the Pasig-Marikina Master plan, we are working for long term master plan for permanently solving the problem of floods along the whole Marikina. So that is something that we are working.

You know, we have to work in the short and medium and long term. So for the short and medium term, you can see that, kung makikita mo, mayroon kaming ginagawang revetment structure sa ilog na nakakapagbigay ng additional capacity. So, if you see that, we wanna increase the volume of water that can travel through the Pasig-Marikina River and at the same time eventually, our plan is to create a dam at the uppermost portion of the Marikina River, closer to the mountains. Kasi ang source naman ng tubig is the Sierra Madre Mountains, iyong ang kailangan nating ikontrol para mabawasan iyong flow ng tubig and at the same time we will also work on the outflow kasi ang outflow, ang ending nito is Laguna Lake which is gagawa rin kami ng structure so that we can pump out water from Laguna Lake back into Manila Bay, to the ocean.

So, that is part of the long term. But in the short and medium term, we will continue to increase the capacity of the river and create floodgates that would protect the major Metropolitan areas.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, Secretary Mark Villa. At magkita po tayo next week upang pag-usapan naman ang mga proyekto sa labas ng Metro Manila.

Pilipinas, nakikita natin ngayon ang kahalagahan ng infrastructure project sa decongestion ng EDSA. Pati na rin sa paghahanda laban sa mga natural disasters natin. Kaya nga isa sa mga pangunahing pagtutuunan ng pansin ng pamahalaan ay ang Build, Build, Build at kita ang benepisyo nito sa EDSA decongestion. Bridges and bypass roads, iyan ang tinututukan nina Secretary Mark Villar at ng DPWH ngayon upang matugunan ang hamon ng pagdala ng 120,000 plus na mga motorista na iwasan ang EDSA. Kung tutuusin, hindi naman kailangan ng marami sa kanila na dumaan ng EDSA. Wala lang silang alternatibo, wala lang silang ibang madaanan. If you can't find a solution, build one!

Ito po si Communication Secretary Martin Andanar. Magkita-kita po tayo sa susunod na Biyernes para sa isa na namang Cabinet Report. Mabuhay ang Pilipinas! Mabuhay ang Pilipino!

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)